# "Karapat-Dapat na mga Kababayan": Si Quezon at ang Pamahalaang Komonwelt sa mga Bayaning Pilipino*

**Nikko Jay RAMOS**
Lyceum of the Philippines University – Manila
University of the Philippines - Diliman
nikkojayramos23@gmail.com
https://orcid.org/0000-0002-7170-9936

**ABSTRAK**

Mahahalagang pigura ang mga bayani ng nakaraan sa kasalukuyan. Ang mga gaya nina Jose Rizal, Andres Bonifacio, at Apolinario Mabini ay mayroong hindi matatawarang papel sa kasaysayan at kalayaan ng Pilipinas, gayundin sa pagmamahal sa bansang kanilang hinaraya. Sa panahon ng Komonwelt, ang mga bayani ay kinasangkapan din sang-ayon sa interes ng malayang bansang hinaraya ni Pangulong Manuel Quezon, maging sa panahon ng digmaan. Layon ng papel na ito ilahad kung papaano ito ginamit ni Quezon sa kabila ng pagiging mala-malaya ng Pilipinas. Ginamit at sinuri rito ang retorika ng kaniyang mga talumpati, ipinatupad na mga batas at kautusan, gayundin ang mga panandang pangkasaysayang sa ilalim ng Pamahalaang Komonwelt, bilang kaugnay ng kaniyang kaisipan.

***Susing Salita:*** *Bayani, Manuel L. Quezon, Pamahalaang Komonwelt, panahon ng Komonwelt*

Kilala sa edukasyong Pilipino ang mga pangalang Jose Rizal, Andres Bonifacio, Apolinario Mabini, at iba pa. Ang karaniwang pagkakakilanlan nila—bayani. Bagamat maraming bayani ang kinikilala sa Pilipinas ay walang batas ang nagtatakda sa sinoman sa kanila upang kilalaning pambansang bayani kahit na si Jose Rizal. Mainam marahil ito upang manatiling bukas ang kahulugan ng "bayani," salitang subhektibo sa kalikasan, sa lipunang Pilipino o kaya naman ay manatiling pook-usapan ang ganitong paksain upang mabuksan ang interes ng madla gaya ng

Ramos, Nikko Jay. "Karapat-Dapat na mga Kababayan":
Si Quezon at ang Pamahalaang Komonwelt sa mga
Bayaning Pilipino." *TALA* 5:1 (June 2022), 99 – 139.

nangyari sa usapin ng kabayanihan ni Gregorio del Pilar sa pamamagitan ng pelikulang *Goyo: Ang Batang Heneral.*[1]

Bawat isa noon pa man ay mayroon nang itinuturing na bayani. Gayumpaman, halos 25 taon bago ang pagpapalabas ng *Goyo*, usapin na ang ideya ng "kabayanihan" sa administratibong antas, layong magkaroon ng iisang pananaw sa kung sino ang mga ituturing na bayani. Halimbawa nito ang nangyari noong pagtatapos ng ikadalawampung dantaon. Sa pamamagitan ng Atas Ehekutibo Blg. 75 ng taong 1993 ay naitakda ang pagtatatag ng National Heroes Committee sa ilalim ni dating Pangulong Fidel Ramos. Kaugnay ito ng isang daantaong anibersaryo ng makasaysayang dekada ng 1890. Layunin ng komisyong ito ang "ipahayag ang mga Pambansang Bayani, ang mga kilalang mananagumpay ng kanilang panahon at nagniningning na magagandang halimbawa ng panahong ito."[2]

Maraming napili at nirekomendang mga bayani ang komiteng ito kabilang na sina Rizal, Andres Bonifacio, Sultan Dipatuan Kudarat, at iba pa. Subalit, wala ni isa sa kanila ang naitakda sa batas bilang pambansang bayani dahil umano sa maaaring pasimulang paghahati-hati sa opinyon tungkol sa kung sino ang bayaning dapat kilalanin o hindi. Kung titingnan pang maigi, hindi ito isang kabiguan bagkus isang tagumpay dahil ito ay pagkilala na hindi lamang naitatakda ng batas ang "pambansang bayani" kundi, gaya ng itinakdang pamantayan ng komite, nasa "pagpapahayag ng mga tao."[3]

---

[1]* Rebisadong papel na ipinasa para sa kursong Kas 205, Unang Semestre, Akademikong Taon ng 2021-2022 sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, sa ilalim ni Dr. Ricardo Jose, na lubos kong pinasasalamatan sa kaniyang pagbabahagi ng kaalaman hinggil sa Pamahalaang Komonwelt at kay Quezon. Gayumpaman, anomang pagkakamali o kalabuan sa papel na ito ay aking responsabilidad lamang.

*Goyo: Ang Batang Heneral*, sa direksiyon ni Jerrold Tarog (TBA Studios, Artikulo Uno Productions, at Globe Studios, 2018), 2:29:57, https://www.netflix.com/watch/81031181; Jojo Gabinete, "Goyo: Isa Nga Bang Bayani At Pinakabatang Heneral?" PEP.ph, Agosto 30, 2018, https://www.pep.ph/pepalerts/cabinet-files/22838/goyo-isa-nga-bang-bayani-at-pinakabatang-heneral; Showbiz Vidz, "Bayani Nga Ba Si Goyo At Aguinaldo?" YouTube video, 0:44, Setyembre 2, 2018, https://www.youtube.com/watch?v=aI82PICMib0.

[2] Office of the President of the Philippines, "Executive Order No. 75. Creating the National Heroes Committee Under the Office of The President," Official Gazette, 1993, nakuha noong Nobyembre 15, 2021, https://www.officialgazette.gov.ph/1993/03/29/executive-order-no-75-1993/; "Selection and Proclamation of National Heroes and Laws Honoring Filipino Historical Figures," National Commission for Culture and the Arts, nakuha noong Disyembre 1, 2021, https://ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/culture-profile/selection-and-proclamation-of-national-heroes-and-laws-honoring-filipino-historical-figures/. Ang mga nakapaloob sa mga panipi sa artikulong ito, liban kung binanggit na mula sa iba, ay malayang isinalin mula sa Ingles ng may-akda.

[3] "Selection and Proclamation of National Heroes."

© 2022 Nikko Jay Ramos

ISSN 2651-7108

Marami pang halimbawa sa kasaysayan ng Pilipinas ang nagpapatunay ng interbensiyon ng mga administrasyon sa pagtatakda ng mga bayani at pag-uusap hinggil dito. Sa panahon pa lamang ng mga Amerikano, mayroon nang impluwensiya ang pamahalaan, kabilang na ang maraming Pilipino, sa pagtatakda kay Rizal bilang bayani ng panahon. Ang ganitong desisyon at paglikha ay dama pa rin hanggang ngayon, lalo na sa pag-aaral sa tersiyarya ng "Buhay at mga Gawa ni Rizal.[4]

Hindi rin lamang naman ito matatagpuan sa Pilipinas. Kitang-kita ito sa kasaysayan ng mga bansa, lalo na sa mga naging dating kolonya ng Kanluran. Halimbawa, ang Indonesia noong dekada 1950 sa panahon ni Pangulong Sukarno ay nagpasa ng batas na nagtatakda ng *Pahlawan Nasional* o Pambansang Bayani. Alinsunod ito sa pagkakalaya ng bansa mula sa pamahalaang Olandes. Naging mahalaga sa politika ni Sukarno ang pagtatakdang ito dahil benepisyal ito sa kaniyang mga *kaki tangan* o may malalapit na ugnayan sa kaniya. Mula rito ay mayroon nang 186 na Pambansang Bayani ang itinakda ng Pamahalaang Indonesia noong 2019. Sa paglaon ng panahon, ang isang Indonesian ay maitatakdang Pambansang Bayani sa pagpasa niya sa pamantayan sa pagkakaroon ng (1) malaking kontribusyon sa lipunang Indonesian, (2) "dedikasyong at pakikibakang tumagal nang halos buong buhay niya," (3) pambansang kontribusyon, (4) "hindi nagbabago at mataas na diwa ng nasyonalismo," (5) "mataas na moralidad at karakter," (6) "hindi sumuko sa pakikipaglaban," at (7) "hindi gumawa ng nakahihiyang bagay."[5]

Mas naisakatuparan ang pagkakaroon ng opisyal na bayani sa Indonesia kaysa sa Pilipinas kung tutuusin. Subalit, hindi naman natatapos dito ang usapin

[4] Esteban A. de Ocampo, "Sino ang Pumili kay Rizal bilang Pambansang Bayani Natin at Bakit?" nasa *Jose Rizal: Buhay, mga Ginawa at mga Sinulat ng Isang Henyo, Manunulat, Siyentipiko at Pambansang Bayani*, Gregorio Zaide at Sonia Zaide (Lungsod Quezon: All Nations Publishing Co., Inc., 1997), 334-352; Floro C. Quibuyen, *A Nation Aborted: Rizal, American Hegemony, and Philippine Nationalism* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999), 282-345.

[5] Charnvit Kasetsiri, "The Construction of National Heroes and/or Heroines," nasa *Southeast Asia over Three Generations: Essays Presented to Benedict R. O'G. Anderson*, mga pat. James T. Siegel at Audrey R. Kahin (New York: Cornell University Press, 2003), 19-20; S.E. Pramono, T. A. Ahmad, at P.A. Wijitayi, "Mapping the national heroes in Indonesia to strengthen national identity in history learning," *IOP Conf. Series: Earth and Environmental Science*, 747 (2021): 1-2, https://iopscience.iop.org/article/10.1088/1755-1315/747/1/012072/pdf; "Prosedur Penganugerahan Gelar Pahlawan Nasional," Kementerian Sosial Republik Indonesia, nakuha noong Mayo 23, 2022, https://web.archive.org/web/20111228151821/http://database.depsos.go.id/modules.php?name=Pahlawan.

© 2022 Nikko Jay Ramos

tungkol sa konsepto ng bayani: kung sino nga ba ang bayani at bakit nga ba siya kailangan sa lipunan. Sa kasaysayan ng Pilipinas, ang Pamahalaang Komonwelt bagamat mala-malaya o hindi ganap na malaya ay nagtakda rin ng mga konsepto ng kabayanihan. Sa katauhan ni Manuel L. Quezon, pangulo ng Pamahalaang Komonwelt ng Pilipinas, ang mga bayani bilang pangangailangan ng panahon ay nabigyan din ng buhay.

Ang papel na ito ay tatalakay sa konsepto ng kabayanihan para kay Quezon. Kasunod nito ay ilalahad ang mga tauhang itinuring na bayani ni Quezon at ng Komonwelt, gayundin ang katuturan nila at ang pamamaraan upang sila ay mabigyang-katuturan. Layunin ng papel na ito na makapag-ambag sa mga pag-aaral hinggil sa paksa ng mga bayaning Pilipino tungo sa nasyonalismo at konsepto ng kabayanihan.

Naganap sa loob ng pandemya ang pananaliksik at pagsusulat ng papel na ito. Habang unti-unti nang nagbubukas ang mga silid-aklatan at maging ang Pambansang Arkibo, bigo pa rin ang mananaliksik na makapunta sa mga ito dahil sa pabago-bagong sitwasyon. Gayumpaman, gagamitin sa papel na ito ang mga batis sa *internet*, pook na bagamat walang restriksiyon ay nangangailangan pa rin ng pagsisikap dahil sa negatibong epekto ng palagiang pagbababad sa iskrin ng *device*. Pangunahing gagamitin para sa pananaliksik na ito ang inilathala ng Presidential Communications Development and Strategic Planning Office (PCDSPO) noong 2016 na *Messages of the President* na karamihan ay nasa *Internet Archive* <https://archive.org**Error! Hyperlink reference not valid.**> na, at naglalaman ng mga talumpati at mga batas na ipinatupad ng mga Pangulo ng Pilipinas. Bukod dito, ginamit din dito ang mga tala ng mga panandang pangkasaysayan ng National Historical Commission of the Philippines na makikita rin sa *internet* <http://nhcphistoricsites.blogspot.com/>.[6]

## Mga Anyo ng Nasyonalismo noong Pamahalaang Komonwelt

[6] Walang pahinasyon ang Volume 1 (Official Month in Review), Volume 2 (Appointments and Designations), Volume 3 (Historical Papers and Documents), at Volume 6 (Proclamations) ng *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, na pangunahing pinagkunang-batis ng pananaliksik na ito. Nilagyan na lamang ng braket ang mga pahina upang ipahiwatig na ang pahinasyong nakalagay ay sang-ayon sa *file* na naka-*upload* sa *Internet Archive*. Tanging ang Volume 4 Part 1 at Part 2 (Executive Orders) at Volume 5 (Administrative Orders) lamang ang mayroong impormasyon hinggil sa publikasyon kaya't sila lamang ang may opisyal na pahinasyon, petsa ng paglimbag, at palimbagan. Gayumpaman, ang mga pinagkunang-batis ng bawat bahagi ng nilalaman ay nasa dulong parte ng tomo. Habang mayroong mga pinagkunan dito na matatagpuan sa *internet*, malaking bahagi naman nito ay sa mga pisikal na nailathala at makikita lamang sa mga eksklusibong silid-aklatan gaya ng Presidential Museum and Library sa Malacañan.

© 2022 Nikko Jay Ramos

Ang mga bayani ay mahalagang elemento sa pag-aaral ng nasyonalismo ng mga bansa. Sila ay itinuturing na may katuturan sa pag-iisip o "pagharaya ng bansa" gayundin bilang kagamit-gamit sa isinusulong na nasyonalismo.[7] Ang kahulugan ng nasyonalismo ay malawak; subalit ang maluwag ang magiging kahulugan ng nasyonalismo sa papel na ito na nakaugat sa nasyonalismo bilang "doktrina tungkol sa pag-uugali, interes, karapatan at tungkulin ng mga bansa" at "organisadong kilusang pampolitika na dinisenyo upang palawigin ang sinasabing tunguhin at interes ng mga bansa." Bukod dito, mahalaga rin sa pananaliksik na ito ang pagtalakay hinggil sa tatlong obhektibo ng mga kilusang nasyonalista sang-ayon kay Hugh Setson-Watson: "kalayaan," "pambansang pagkakaisa," at "pagtatatag ng bansa."[8]

Bago talakayin ang mga pagkilala ng Pamahalaang Komonwelt sa mga bayani, mahalagang talakayin ang balangkas ng mga hakbanging nasyonalista ng panahong iyon. Karaniwan sa mga sekundaryang batis na tumalakay sa nasyonalismo sa Pilipinas ay tumutuon sa mga *ilustrado* at Himagsikang Pilipino. Iba naman ang kaso pagdating sa panahon ng Komonwelt. Bagamat may kahirapang mahanap ang mga pag-aaral sa nasyonalismo sa panahong ito, hindi naman ganap na mailalarawan ang panahong walang hakbangin tungo rito. Sa halip, maraming pag-aaral ang ginawa tungkol sa panahon ng Pamahalaang Komonwelt ang tumatalakay sa mga hakbanging nasyonalistang pagprotekta at pagtatatag ng bansang hinaharaya. Ilan sa mga ito ang tungkol sa ekonomiya, politika, at wika. Mula sa patakaran ng Komonwelt hanggang sa persona mismo ni Quezon ang mga pag-aaral na ito na umusbong matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

[7] Benedict Anderson, *The Spectre of Comparisons: Nationalism, Southeast Asia, and the World* (London: Verso, 1998) 49-51, 57; Patricio N. Abinales, "American Rule and the Formation of Filipino "Colonial Nationalism,"" *Southeast Asian Studies* 39, no. 4 (2002): 604-621, https://kyoto-seas.org/pdf/39/4/390409.pdf; Michael Charleston B. Chua, "Ang Paghiraya sa Nasyon: Ang mga Pagdiriwang ng Anibersaryo ng Komonwelt ng Pilipinas (1936-1941)," *Social Science Diliman* 4, nos. 1-2 (2007): 91-127, https://journals.upd.edu.ph/index.php/socialsciencediliman/article/view/1239; Rommel Curaming, "Hegemonic Tool? Nationalism in Philippine History Textbooks, 1900-2000," *Philippine Studies* 65, no. 4 (2017): 417-450, https://www.jstor.org/stable/26621976; Glenn Anthony May, *Inventing a Hero: The Posthumous Re-creation of Andres Bonifacio* (Quezon City: New Day Publishers, 1997), 164; Quibuyen, *A Nation Aborted*, 284-297; Hugh Setson Watson, *Nation and States: An Enquiry into the Origins of Nation and the Politics of Nationalism* (London: Methue, 1977). Halaw ang "pagharaya sa bansa (*imagining the nation*)" sa salin ng "*imagined community* (hinirayang pamayanan)" ni Chua, "Ang Paghiraya sa Nasyon."

[8] Watson, *Nation and States*, 3; May, *Inventing a Hero*, 164.

© 2022 Nikko Jay Ramos

ISSN 2651-7108

Nais ng mga pag-aaral na ito na muling balikan ang "natatanging ugnayan" sa pagitan ng Pilipinas at Estados Unidos na mas kongkretong makikita sa usapin ng ekonomiya at politika, bukod pa sa pag-aaral sa kultura.[9] Malaki rin ang naging papel ng kagaganap pa lamang noon na digmaan ng Estados Unidos sa Vietnam sa mas tumindi pang mga pag-aaral ng mga Amerikano sa Pilipinas, bagay na nagpatuon din sa muling pagbabalik ng mga iskolar ng Pilipinas sa Digmaang Pilipino-Amerikano, at sa lawak pa ay ang buong kasaysayan ng Estados Unidos sa bansa. Sa kabila nito, hindi pa rin naisantabi ang ilan pang paksa na bagamat hindi hiwalay sa disiplina ng kasaysayan ay gumamit ng hindi kumbensiyonal na pananaw gaya na lamang ng araling kasarian.[10]

Bago rin maunawaan ang mga anyo ng nasyonalismong ito, mahalagang maunawaan ang naging gampanin ni Quezon dito. Siya ay magaling na politiko dahil sa kaniyang kakayahang makaimpluwensiya sa mga patakaran ng Komonwelt, bagay na hindi na lubusang tatalakayin sa papel na ito dahil sa mga nakaraan nang pag-aaral.[11] Makikita, halimbawa, ang paglalarawang ito kay Quezon maging sa popular na midya gaya ng pelikulang *Quezon's Game*. Kaugnay nito ay inilalarawan din si Quezon bilang "*megalomania*" dahil sa kaniyang matinding pagkahumaling sa kaniyang sarili kaugnay ng kapangyarihang politikal. Saad nina Abinales at Amoroso, ikinabit ni Quezon ang kaniyang sarili "kapwa sa opisina at bansa."[12]

Ang ganitong impluwensiya ay nagamit ni Quezon kung kaya't halos maging katumbas siya ng o ekstensiyon niya ang Pamahalaang Komonwelt.[13] Mula sa usaping pangkalayaan, pang-ekonomiya, pagboto ng kababaihan, hanggang pangwika, siniguro niyang mayroon siyang impluwensiya rito. Paminsan, siya

---

[9] Aruna Gopinath, "President Manuel Quezon and Economic Protectionism, 1935-41," *Philippine Studies* 34, no. 2 (1986): 129-145, https://www.jstor.org/stable/42633588; May, *A Past Recovered* (Quezon City: New Day Publishers, 1987), 174-184; Steve MacIsaac, "The Struggle for Economic Development in the Philippine Commonwealth, 1935-1940," *Philippine Studies* 50, no. 2 (2002): 141-167, https://www.jstor.org/stable/42634458.

[10] Alfred W. McCoy, "Philippine Commonwealth and Cult of Masculinity," *Philippine Studies* 48, no. 3 (2000): 315-346, https://www.jstor.org/stable/42634410.

[11] Pangunahin dito ang historyador na si Alfred McCoy. Ilan sa kaniyang akda hinggil kay Quezon ang "Quezon's Commonwealth: The Emergence of Philippine Authoritarianism," nasa *Philippine Colonial Democracy*, pat. Ruby Paredes, 114-160 (New Haven: Yale University Press, 1988); at "Global Populism: A Lineage of Filipino Strongmen from Quezon to Marcos to Duterte," *Kasarinlan: Philippine Journal of Third World Studies* 32, nos. 1-2 (2017): 7-54, https://www.journals.upd.edu.ph/index.php/kasarinlan/article/view/6330/5593.

[12] Patricio N. Abinales at Donna Amoroso, *State and Society in the Philippines* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017), 155-157.

[13] McCoy, "Quezon's Commonwealth," 116-117.

© 2022 Nikko Jay Ramos

ISSN 2651-7108

ay pumapagitna sa magkabilang-panig gaya ng kaniyang pananaw sa pagboto ng kababaihan.[14]

Marami ang mga pag-aaral hinggil sa ekonomiya dahil sa pagtuon ng Komonwelt dito dahil naniniwala silang indikasyon ito ng malayang bansa. Sa takda ng Batas Tydings-McDuffie, malaking bahagi ng ekonomiya at politika ng Pilipinas ang kontrolado pa rin ng Estados Unidos kahit na mayroon na itong Saligang Batas. Hindi gaanong makakilos ang Pilipinas nang walang patnubay at pagpayag ng huli. Kaya, mayroong mga historyador ang tumungo na rin sa pag-aanalisa na ang naisin umano ng Estados Unidos na maging malaya ang Pilipinas ay may kahirapang maisakatuparan lalo pa't sila ang kumokontrol dito. Kumbaga, sa papel lamang ang naising ito. Kaya naman kahit ano pang pilit ng Komonwelt na magkaroon ng ekonomiyang nakabatay sa sariling desisyon at sistema ng pamamaraan ay hindi ito magiging epektibo. Gayumpaman, nagkaroon na ng proteksiyonistang ekonomiya ang Pamahalaang Komonwelt bilang pagpapatatag sa ekonomiyang Pilipino at malaking bahagi rito ang politika ni Quezon.[15]

Malaking isyu sa ekonomikong proteksiyonismo ang usapin ng dominasyon ng mga dayuhang negosyo sa Pilipinas. Halimbawa nito ang mabilisang paglaki ng mga negosyong pagmamay-ari ng mga Tsino at Hapones. Habang ang una ay mayroon nang matagal at malawakang presensiya sa bansa bago pa man ang Pamahalaang Komonwelt, ang huli ay mayroon ding mahalagang epekto sa pagkakaroon ng pakiramdam ng nasyonalismo lalo't noon lamang mga unang taon ng ikadalawampung dantaon lumaki ang kanilang populasyon sa Pilipinas, lalo na sa Davao.

Dahil sa kaisipang ang mga dayuhang negosyo noong panahon ng mga Amerikano ay itinuturing na banta sa pag-iral ng mga negosyong Pilipino, may mga naisabatas ang Pamahalaang Komonwelt na direktang nakaapekto rin sa mga negosyong dayuhan. Batayan dito ang itinakda ng Saligang Batas ng 1935 na 40 porsiyento lamang ng isang negosyo ang dapat pagmamay-ari ng mga dayuhan sa Pilipinas liban sa mga Amerikano. Nagkaroon ng pagtatakda ang Komonwelt ng Anti-Dummy Law noong 1936 dahil sa talamak na panggagamit ng mga dayuhan sa mga Pilipino upang magmay-ari ng isang negosyo. Ilan pa sa mga batas na may layuning protektahan ang mga Pilipino at kanilang mga

[14] Veronica Alporha, "Manuel L. Quezon and the Filipino women's suffragette movement of 1937," *Plaridel* (2021): 14-24, http://www.plarideljournal.org/article/manuel-l-quezon-and-the-filipino-womens-suffrage-movement-of-1937/.

[15] MacIsaac, "The Struggle for Economic Development," 141-143.

© 2022 Nikko Jay Ramos

ISSN 2651-7108

negosyo mula sa itinuturing na banta ng mga dayuhan ay ang Philippine Immigration Act ng 1940 at Mining Act ng 1936.[16]

Higit pa rito ay ang mga pag-aaral na partikular sa politika ng panahon, lalo na sa tema ng kalayaan. Makulay ang pagtalakay sa konsepto ng pagnanais na maging malaya ng bansa sa panahong ito. Gaya ng iba pang usapin, mahalaga rito ang impluwensiya ni Quezon. Dito ay tila mas naipapamalas pa ang pagkakaroon ng tahakin tungo sa pagkabansa ang Pilipinas, gayon nga ay kalayaan, sa tulong ng Pamahalaang Komonwelt. Kung susundan ang pangkaraniwang kahulugan ng nasyonalismo ni Watson, tiyak ang pagkakaroon nito nina Quezon at ng Pamahalaang Komonwelt—nais nila na maging malayang bansa ang Pilipinas. Noong mga huling taon ng dekada 1930 ay "muling [nagkaroon ng] pagsusuri" ang usapin ng kalayaan. Habang mayroon itong malawak na konteksto at kahit na mayroong pagkakahati-hati sa opinyon ang mga Pilipinong politiko at madla, malinaw ang pagnanais nila na magkaroon ng malayang bansa.[17]

Sa lente rin ng politikal na tunguhin ng pagkabansa maiuugnay ang mga hakbangin ni Quezon upang maipakita ang kaniyang karakter bilang isang pangulo ng batang Pilipinas, na may malakas na impluwensiya hindi lamang sa kapwa politko kundi maging sa mga pribadong tao. Maiuugnay rito ang tahakin ng pagsasalaysay ng pagtulong ni Quezon sa mga Hudyo. Noong dekada 1930, nang magkaroon ng matinding anti-Semitismo sa Europa, partikular sa Alemanya ay isa siya sa mga tumugon upang magkaroon ng tahanan ang mga Hudyo sa Pilipinas. Kasama niya rito ang magkakapatid na Frieder na sina Philip, Henry, Alex, Morris, at Herbert na kilala sa negosyo ng tabako sa bansa, si Paul McNutt, at si Dwight Eisenhower. Mahirap ang mga sandaling ito sa paninindigan ni Quezon at ng kaniyang mga kasama sapagkat hindi pa ganap na malaya ang bansa kaya't mayroon pang *quota* taon-taon sa mga dayuhang magtutungo sa Pilipinas ayon sa itinakda ng Estados Unidos. Bagamat nagkaroon ng serye ng debate at pag-uusap hindi lamang dito sa Pilipinas kundi

[16] Lydia N. Yu-Jose, "World War II and the Japanese in the Prewar Philippines," *Journal of Southeast Asian Studies* 27, no. 1 (1996): 74-78, https://www.jstor.org/stable/20071758; Yu-Jose, *Japan Views the Philippines, 1900-1944* (Quezon City: Ateneo de Manila UP, 1992), 123-140.

[17] Dean Kotlowski, "Independence or Not? Paul V. McNutt, Manuel L. Quezon, and the Re-examination of Philippine Independence, 1937-9," *The International History Review* 32, no. 3 (2010): 501-531. https://www.jstor.org/stable/25762090.

© 2022 Nikko Jay Ramos
TALA Vol 5: No. 1 (June 2022)
ISSN 2651-7108

maging sa Estados Unidos mismo, matagumpay, kahit papaano, na nakasalba sina Quezon ng mahigit-kumulang 1,200-1,300 Hudyo sa Pilipinas.[18]

Bagamat ito ay gampaning makatao, ang hakbanging ito ay nagpapakita sa pagbangga ni Quezon sa maraming paraan sa itinatag na sistema ng Estados Unidos sa Pilipinas. Isa ito sa pagpapamukha niya ng kakayanan ng Pilipinas sa usaping pandaigdigan sa bahagi ng pagtanggap ng isang lahi sa panahong kritikal sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga dayuhang nakaranas ng matinding diskriminasyon. Bagamat ito ay taliwas sa ideya ng nasyonalismo kung iuugnay sa usapin ng lahi, ang mga ginawang ito ni Quezon ay tila hakbang naman tungo sa pagbubuo ng ideya na ang Pilipinas ay natuto na sa Estados Unidos sa pamamalakad tungo sa kalayaan, lalo na sa usapin ng kabihasnan.

Mayroon din namang ideya ng nasyonalismo noong panahon ng Komonwelt kaugnay sa usapin ng lahing Pilipino. Maiuugnay dito ang mga patakarang nagtaguyod para sa mga Pilipino sa usapin ng mga negosyo. Bukod dito, nang magkaroon ng usapin hinggil sa pagtanggap ng mga Hudyo ay mga ilang politiko rin ang nagbigay-saloobin hinggil sa kanila at sa naising ito ni Quezon. Nanguna rito ang oposisyon ng pamahalaang Quezon, lalo na sa pangunguna ni Emilio Aguinaldo.[19]

Kaugnay ng politika ay ang pagtalakay sa nasyonalismo sa panahon ng Komonwelt sa pamamagitan ng mga pagdiriwang. Inaral ito ni Michael Charleston (mas kilala bilang "Xiao") Chua, na maaring ituring na isa sa mga paksa hinggil sa indikasyon ng nasyonalismo sa Komonwelt na nakakaligtaan ng maraming iskolar. Sinuri niya ang mga naging pagdiriwang ng anibersaryo ng Komonwelt tuwing ika-15 ng Nobyembre kasama na ang mga talumpating ibinigay ni Quezon kaugnay nito.[20]

Lumitaw sa mga talumpati ang mga tema na tungkol sa "(1) husay ng mga plano sa tanggulang bansa, (2) ang katapatan ng Amerika, (3) ang mga naisakatuparan ng Komonwelt, (4) optimismo, [at] (5) si Pang. Manuel Luis Quezon, ang Dakilang Pinuno." Sa pamamagitan ng mga ito, nakita ni Chua na

[18] Kotlowski, "Breaching the Paper Walls: Paul V. McNutt and Jewish Refugees to the Philippines, 1938-1939," *Diplomatic History* 33, no. 5 (2009): 882, https://www.jstor.org/stable/44214052; "Remembering Our Humanitarian Legacy With 'Safe Haven: Jewish Refugees In The Philippines,'" UNHCR Philippines, Pebrero 10 2021, https://www.unhcr.org/ph/17553-jewish-refugees.html.

[19] Maria Pilar M. Lorenzo, "Jewish Migration in the Philippines," nasa *Radical Definitions: State – Society – Religion*, mga pat. Xaver Hergenröther, Oana Ursulesku, at Dana Bădulescu (Graz, Styria, Austria: Grazer Universitätsverlag – Leykam – Karl-Franzens-Universität Graz, 2018), 30.

[20] Chua, "Ang Paghiraya sa Nasyon."

© 2022 Nikko Jay Ramos

ISSN 2651-7108

ang bansa ay hinaharaya na. Kumbaga, tinataniman na ng pamahalaan at ni Quezon ang madla ng binhi na ang Pilipinas ay unti-unti nang natututo at handa na sa paglaya, bukod pa sa mga patakarang nagpapahiwatig dito. Sa mga Pilipino, isa itong pangungusap na ang Pilipinas ay papalaya na; mula sa kanila tungo sa mga Amerikano, isa itong pangungusap na ang Pilipinas ay handa na para sa kalayaan.[21]

Ang pagkakaroon naman ng wikang kakatawan sa isang bansa ay isa rin sa mga tunguhing nasyonalista. Ipinaliwanag nina Romeo Cruz at Pamela Constantino kung papaanong nagkakaugnay ang wika at nasyonalismo. Sang-ayon kay Constantino, "ang wika ay isang elemento ng lipunan kung saan ang pagiging lehitimo ng ideolohiya [sa kasong ito, ng bansa] ng estado ay napapatunayan." Inaasahan na sa pagkakaroon ng wikang nauunawaan ng lahat, magkakaroon ng "interaksyon at partisipasyon ang lahat ng sektor ng populasyon" tungo sa "pagpapatuloy ng pag-iral ng bansang estado."[22]

Malaki ang papel na ginampanan ng Pamahalaang Komonwelt sa pagpupursiging magkaroon ng wikang Pambansa ayon kay Cruz. Ilan dito ang pagtatatag ng Surian ng Wikang Pambansa upang aralin ang iba't ibang wika sa Pilipinas bilang paghahanda sa pagkaroon ng wikang pambansa at pag-uutos na ituro ang wikang pambansang nakabatay sa Tagalog sa lahat ng paaralan. Sa panahon din ng Komonwelt, mayroong mga "hindi-lingguwista" na nagsulong ng pagkakaroon ng wikang pambansa: ang mga Tagalista na sumusuporta sa Tagalog bilang wikang Pambansa.[23]

Mula sa ekonomiya at politika hanggang sa usapin ng wika, ipinapakita ng Pamahalaang Komonwelt ang ideya nito ng bansa—mayroong matatag at malayang ekonomiya at politika, may iisang wika—na naipapakilala sa taumbayan gaya sa pamamagitan ng mga pagdiriwang. Ang mga ito ay malinaw na hakbanging kaugnay ng pagharaya ng bansa: ang naising maging malaya ng bansa at makamit ang soberaniya nito.

---

[21] Chua, "Ang Paghiraya sa Nasyon," 122-125.

[22] Pamela C. Constantino, "Wika, Nasyonalismo at Ideolohiya," nasa *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*, mga pat. Pamela C. Constantino & Monico Atienza (Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1996), 12-13.

[23] Romeo V. Cruz, "Ang Nasyonalismo at Wika," nasa *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*, 3-9; Teodoro A. Agoncillo, *A History of the Filipino People* (Quezon City: Garotech Publishing, 1990), 361; Juan R. Francisco, "Bhinneka Tunggal Eka: The Development of a National Language in the Philippines," *Asian Studies Journal* 34 (1998): 122-123, https://www.asj.upd.edu.ph/mediabox/archive/ASJ-34-1998/francisco.pdf.

© 2022 Nikko Jay Ramos

ISSN 2651-7108

Sa ganitong tunguhin din makikita ang paggamit ni Quezon at ng Pamahalaang Komonwelt ng ideya ng kabayanihan at ng mga bayani upang maitatag pang lalo ang pambansang pagkakakilanlan. Sa kaniyang mga talumpati makikita na ang ideya niya ng bayani ay matatagpuan sa nakaraan at sa kaniyang kasalukuyan. Marapat ding isaisip muli na nagbabadya na sa panahon ni Quezon ang digmaang pandaigdig kung kaya't mas papaigting na rin ang ideya ng kabayanihan sa at ng kaniyang kasalukuyan.[24] Bukod dito, makikita rin ang pagtatatag ng ideya ng mga bayani at kabayanihan sa mga nailagay na mga panandang pangkasaysayang noong panahon ng Komonwelt.

**"Karapat-dapat na Kababayan": Ang mga Bayani ng Nakaraan kay Quezon**

Gaya ng nabanggit, isang magaling na politiko si Quezon dahil sa kaniyang kakayahang makaimpluwensiya sa mga patakaran at ideya ng Komonwelt. Sumasalamin ang kaniyang mga talumpati sa mga patakarang ipinatupad ng Komonwelt kaugnay ng mga bayani. Para sa kaniya, ang mga bayani ay bahagi ng pagtatatag ng bayan, ng pagharaya ng bansa. Sila ay "karapat-dapat na mga kababayan" na dapat gayahin ng mga mamamayan dahil ang Pilipinas, para sa kaniya, "ay matibay at matatag na bansa, na may sariling kasaysayan, sariling mga bayani."[25] Isinulong niya rin ito sa edukasyong ninanais niya para sa mga mamamayan, sa mga batas, gayundin sa pagsasakatuparan nito mga panandang pangkasaysayan. Subalit, ano nga ba ang ideya ni Quezon tungkol sa kabayanihan? Ano-ano nga ba ang mga pag-uugali na tinataglay ng isang bayani para kay Quezon? Sa pag-aaral ng mga talumpati ni Quezon at mga patakarang ipinatupad ng Pamahalaang Komonwelt, dalawang uri ng bayani ayon sa panahon ang lilitaw. Una, si Quezon ay mayroong pagkilala sa mga bayani ng nakaraan; at ikalawa, sa mga sundalong Pilipino ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Ang mga bayani para kay Quezon ay bahagi ng pagiging "matibay at matatag na bansa" ng Pilipinas. Naniniwala siya na sa tulong nila, magkakaroon ng mga

[24] Ricardo Trota Jose, "Advocate of Independence: Manuel L. Quezon and the Commonwealth, 1935-1944," nasa *Philippine Presidents: 100 Years*, pat. Rosario Mendoza Cortes (Quezon City: Philippine Historical Association at New Day Publishers, 1999), 118-119.

[25] Manuel Quezon, "Speech of President Quezon on Spain's contribution to Filipino Culture and Development, January 11, 1936," Enero 11, 1936, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 3 (Addresses and Speeches) (PCDSPO, w.p.), [11], nakuha noong Nobyembre 15, 2021, https://archive.org/details/MOP-Vol3-Manuel-L-Quezon; Manuel Quezon, "Speech of President Quezon on Government Cooperation and Military Training, February 28, 1936," Pebrero 28, 1936, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 3, [24].

© 2022 Nikko Jay Ramos

ISSN 2651-7108

“mamamayang pinapasigla ng kamalayan hinggil sa sariling personalidad, may malalim na pakiramdam ng halaga, at napukaw ng pananaw ang kaniyang dakilang tadhana.”[26] Gamit ang mga bayani, inasahan ni Quezon na lalo pang magkakaroon ng katatagan ang Pilipinas dahil sa kakayahan nitong magbigay-inspirasyon sa mga tao ng pag-ibig sa bayan. Kung mayroong pag-ibig sa bayan at pamayanan, magagamit ng estado ang mga mamamayan nito nang bukal sa kanilang kalooban at ang motibasyon nito nang walang hadlang.[27]

Karaniwan niyang binabanggit sa kaniyang mga talumpati ang mga bayani ng nakaraan na sina Rizal at Bonifacio, dalawang mahahalagang bayani sa kasaysayan dahil sa kanilang mga kontribusyon para sa kalayaan. Sa kaniyang talumpati noong maihalal siya bilang Pangulo ng Komonwelt noong Nobyembre ng 1935 ay nagbaliktanaw siya sa kasaysayan. Simboliko ito dahil ang pagkakataong ginagalawan ni Quezon ay ang muling pagkapanganak ng bansang pamumunuan na ng mga Pilipino, bagamat ang karamihan ng kontrol sa sampung taon ay sa Estados Unidos pa rin. Inilarawan niya ang mga tulad nina “Rizal at Bonifacio at ang lahat ng mga bayani” bilang mga nagsakripisyo sa “sagradong sanhi” ng “debosyong patriotiko at kataas-taasang sakripisyo.”[28]

Mapapansin din ang kaniyang mas malinaw na ideya hinggil kay Rizal kumpara sa kahit sinong bayani. Pinuri siya ni Quezon sa mga ginawa niya para sa Pilipinas, na, aniya, ay “higit pa sa kahit sinong Pilipino bago ang o noong kaniyang panahon.” Si Rizal ay nagtagumpay, ayon kay Quezon, na pukawin ang “natutulog, kung hindi ay naglaho nang pambansang kamalayan sa kaniyang mga kababayan. Binuksan niya ang kanilang mga mata sa hindi matagalang pang-aabuso na ginawa ng kanilang mang-aapi.” Inilarawan pa niya sa maramdaming paraan ang “nakita” niyang epekto sa taumbayan ng pagpatay kay Rizal. “Ang kaniyang pagkamartir, sa isang pampublikong plaza, sa harap ng natatakot at lumuluhang mga mata ng kaniyang mga kababayan … ang kislap na magpapasimula sa Himagsikan.”[29]

Bukod dito, mayroon ding mga paglalarawan si Quezon kay Rizal kaugnay ng Araw ni Rizal tuwing ika-30 ng Disyembre. Sa ginamit na batis, mayroong

[26] Quezon, “Spain’s contribution,” [11].

[27] Clement C. Camposano, “Citizenship and Civic Education: A Critical Elaboration on the Pedagogy of Rizal’s La Liga Filipina,” *Philippine Journal of Public Policy: Interdisciplinary Development Perspectives* 19 (2019): 12, https://cids.up.edu.ph/publications/pjpp/pjpp-2019-pjpp201901/.

[28] Quezon, “Inaugural Address of President Manuel L. Quezon, November 15, 1935,” Nobyembre 15, 1935, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 3, [5].

[29] Quezon, *The Good Fight* (New York: D. Appleton-Century Company, Inc., 1946), 30.

© 2022 Nikko Jay Ramos

dalawang taong nagbigay-talumpati si Quezon hinggil dito. Ang isa ay noong 1937 habang ang isa ay noong 1942. Nagbigay din siya ng talumpati noong ika-30 ng Disyembre 1941 subalit ito ay tumalakay na sa nangyayaring digmaan sa Pilipinas. Gayumpaman, ang mga talumpati niya noong Araw ni Rizal ng 1937 at 1942 ay mapagkukunan ng ideya ni Quezon sa isang bayani.

Ang talumpati ni Quezon noong Araw ni Rizal noong 1937 ay tungkol sa wikang Filipino. Inanunsiyo niya ang talumpating ito sa pamamagitan ng radyo mula sa Malacañan. Noong mga panahong ito ay aktibong itinataguyod ni Quezon ang paghahanap sa wikang kakatawan sa maraming wika ng bansang kaniyang hinaharaya. Dito, iniugnay niya ang "tagapagtatag at simbolo ng nasyonalismong Pilipino" na si Rizal sa ideya ng pagkakaroon ng wikang pambansa.[30] Mahihinuha rito ang pagtingin ni Quezon kay Rizal bilang tagapagbuklod ng Pilipinas na sinusundan ng paghahanap ng wikang itinataguyod ng pangulo na inaasahan ding magiging tagapag-ugnay rin ng maraming pangkat ng tao sa bansa.

Lalo pang inilarawan ni Quezon ang bayani sa kaniyang talumpati mula sa Estados Unidos noong 1942 nang siya at ang Pamahalaang Komonwelt ay tumungo sa eksilo dahil sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig.[31] Sa paliwanag ni Quezon, si Rizal ay pambansang bayani dahil siya ay "isa sa mga pinakadakilang bunga ng sangkatauhan" dahil sa mga dakilang bagay na ginawa niya, na sa kabila ng kaniyang edad na dapat "papaumpisa pa lamang na maging magulang (*mature*)." Ang mga dakilang bagay na ito, ayon kay Quezon, ay ang pagiging "manggagamot, siyentipiko, manunula, manunulat, at pilosopo" at pagsusulat niya ng dalawang nobela na "ang mga salita ay nagpatindi sa kaniyang pagnanasa para sa kalayaan." Si Rizal ay pambansang bayani, para kay Quezon, dahil sa kaniyang patriotismo, pag-iisip ng kalayaan para sa kaniyang mga kababayan, at pagkamatay para sa naising ito.[32]

Ang ganitong pagkilala ni Quezon na si Rizal ay "pinakadakilang bunga ng sangkatauhan" ay hindi na bago sa kaniyang panahon. Gaya ng nabanggit na sa akda ni Quibuyen, mayroong aktibong papel ang mga Amerikano sa pagbubuo

[30] Quezon, "Speech of President Quezon on Filipino National Language, December 30, 1937," Disyembre 30, 1937, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 3, [167-170].

[31] Ricardo T. Jose, "Governments in Exile," *Asia and Pacific Migration Journal* 8, issues 1-2 (1999): 179-188, https://doi.org/10.1177/011719689900800110.

[32] Quezon, "Message of President Quezon in connection with the Observance of Rizal Day," Disyembre 30, 1942, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 3, [464-465].

© 2022 Nikko Jay Ramos

sa kaisipan ng mga Pilipino na si Rizal ay huwarang bayani. Gayundin, sumasalamin sa mga akda ng mga Pilipino ang pagturing kay Rizal bilang dakila gaya ni Quezon. Makikita ito sa mga biograpiya ni Rizal na nalathala noong panahon ng mga Amerikano hanggang sa Pamahalaang Komonwelt gaya ng mga aklat ni Rafael Palma na *Biografía de Rizal* na nailathala lamang noong 1949 at isinalin sa Ingles noon ding taon bilang *The pride of the Malay race: a biography of Jose Rizal* at ni Carlos Quirino na *The great Malayan: the biography of Rizal.*[33]

Samantala, hindi inilarawan ni Quezon si Bonifacio katulad ng ginawa niya kay Rizal. Sa kabila nito ay kinilala naman niya ang pagsisimula ni Bonifacio ng "insureksiyon" sa pamamagitan ng "*grito de Balintawak*—ang Sigaw ng Balintawak."[34] Gaya ng kay Rizal, mayroon nang araw ng pag-alala para kay Bonifacio noong Panahon ng Komonwelt tuwing ika-30 ng Nobyembre, na noon ay karaniwang ipinagdiriwang bilang araw ng lahat ng mga bayani.[35] Isang talumpati lamang ni Quezon na may tiyak na petsa ang maiuugnay sa Araw ni Bonifacio at ito ay noong 1938. Ang isa naman ay walang indikasyon ng petsa subalit sa pagkakahanay nito sa ibang talumpati niya, ito ay nasa gitna ng mga pahayag niya noong ika-8 ng Nobyembre 1936 at ika-18 ng Disyembre 1936. Isa pa sa mga pahiwatig na ito ay binanggit niya noong Araw ni Bonifacio noong 1936 ay ang direktang pagsabi nito.

Sa pahayag na walang indikasyon ng petsa, sinabi ni Quezon na ang ika-30 ng Nobyembre ay "nagbabalik sa isipan ng maraming paghihirap at sakripisyo ng ating mga ninuno para sa kalayaan ng ating bansa." Inialay ni Quezon ang araw na ito sa mga gaya ni Bonifacio na "lumaban nang mahusay para sa ating hindi maikakait na karapatan na mabuhay sa ilalim ng pamahalaang ating itinakda." Marami umanong "hindi kilalang bayani." Mayroon at marami sa kanila ay buhay pa noong mga panahon ng Komonwelt. Ang mga bayaning ito ay dapat bigyang-galang gaya ng mga ibinibigay sa mga bayaning namatay na. Sa Pangulo, sila ay "may malaking utang na hindi natin at ng mga anak natin

[33] Rafael Palma, *Biografía de Rizal* (Manila: Bureau of Printing, 1949); *The pride of the Malay race: a biography of Jose Rizal*, tgsln. Roman Ozaeta (New York: Prentice-Hall, 1949); Carlos Quirino, *The great Malayan: the biography of Rizal* (Manila: Philippine Education Co., 1940).

[34] Quezon, *The Good Fight*, 30. Pansinin na bilang nabuhay sa panahon at mag-aaral ng kaisipang Espanyol at Amerikano, nakuha ni Quezon ang pagtawag sa rebolusyon bilang "insureksiyon" na sumasalamin sa diin na ang pagkilala ng Himagsikan ng 1896 ay tinangkang humiwalay sa naitatag nang dayuhang pamahalaan at hindi pagbawi sa kalayaan. Subalit, kalaunan ay itinuring din naman ni Quezon ang "insureksiyon" bilang paraan ng pagbawi sa "karapatan na mabuhay."

[35] "100 years of Bonifacio Day," National Historical Commission of the Philippines, Nobyembre 29, 2021, https://nhcp.gov.ph/100-years-of-bonifacio-day/.

© 2022 Nikko Jay Ramos

na kayang bayaran." Ito ang kalayaang tinatamasa nila noon, kahit papaano, para sa bansang hinaharaya ni Quezon at ng Pamahalaang Komonwelt.[36]

Pinangunahan naman niya ang kaniyang pahayag sa midya noong 1938 Araw ni Bonifacio na ang naturang bayani ay "hindi na … laging kailangang banggitin pa upang maalala ang mabubuti niyang katangian."[37] Isinasalamin lamang dito ni Quezon ang kasalatan ng pananalaysay sa buhay ng bayani ng kaniyang panahon. Kung titingnan ang konteksto, ang mga kagaya nina Manuel Artigas, Epifanio de los Santos, at Jose P. Santos ang mga pangunahing nakapagsulat lamang sa kaniyang buhay kumpara sa historiograpiya ng talambuhay ni Rizal.[38]
Gayumpaman, ipinahayag ni Quezon na ipinapaalala ng buhay at kamatayan ni Bonifacio na "walang mahalagang sakripisyo ang hindi natin kayang gawin para sa kapakanan ng lupaing tinatawag nating atin." Naniniwala rin siya na "ang mabubuting mga katangian ni Bonifacio ay magpapabuti sa kasalukuyang laganap na kahirapang espiritwal."[39] Hindi tinukoy ni Quezon kung ano ang mabubuting katangiang ito at kung ano ang indikasyon ng kahirapang espiritwal. Marahil, ang huli ay pasaring niya sa kaniyang mga kalaban sa politika o kaya ay sa oposisyon.

Maingat ang kaniyang paglalarawan kay Bonifacio lalo't kontrobersiyal pa ang kaniyang pagkamatay at ang itinuturing na antagonista nitong si Aguinaldo ay buhay pa. Kaya, winakasan niya ang kaniyang maikling pahayag na "Nagsakripisyo si Bonifacio nang matindi at hindi makakalimutan. Tayong mga habambuhay na nabibigla sa ideya ng personal na kawalan ay makasusumpong ng panibagong tapang sa buhay ng Dakilang Plebyano."[40]

Habang maisasalamin sa historiograpiya o kasalatan ng mga pagkukunang batis ang paglalarawan ni Quezon kina Rizal at Bonifacio, higit lalo ang papel ng administrasyong Amerikano sa una, maaari ring maunawaan ang ganitong hindi-/malay na paglalarawan ni Quezon kina Rizal at Bonifacio sa lente ng politika. Matatandaan na ang panahon ng Komonwelt kumaharap sa isyu laban sa mga oligarkiya gaya ng kilusang Sakdalista gayundin ang Partido Komunista

---

[36] Quezon, "Quezon invites the people to pay homage to our unknown heroes," W.p., nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 3, [1427].
[37] Quezon, "Statement: President Quezon on Celebration of Bonifacio Day, November 30, 1938," Nobyembre 29, 1938, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 3, [1347].
[38] May, *Inventing a Hero*, 23-35.
[39] Quezon, "Celebration of Bonifacio Day," [1347].
[40] Quezon, "Celebration of Bonifacio Day," [1347].

ng Pilipinas na minana niya pa mula sa pamahalaang Amerikano.[41] Dahil ang mga ito ay batay sa mga manggagawa at mga magsasaka gaya ng mga ranggo tulad nina Bonifacio tila naapektuhan din nito ang kung papaanong siya inilalarawan ni Quezon na siya namang bahagi ng mga naghaharing-uri sa politika at lupain. Makikita ang ganitong klaseng pagpapatahimik ni Quezon halimbawa sa pagsasakatuparan ng pagpapasalaylayan ay ang mga katunggali nito sa Partido Nacionalista at ng radikal na si Jose Abad Santos.[42]

Kung susuriin pa, maaari namang magbanggit ng ilan pa sa mga kilalang Katipunero ng panahon lalo't marami pa rito ang nabubuhay. Subalit tila tikom o lihis ang kaniyang paglalarawan sa kanila, halimbawa na lamang sa kaniyang banggit sa Araw ni Bonifacio na "hindi na … laging kailangang banggitin pa [si Bonifacio] at upang maalala ang mabubuti niyang katangian." Dito ipinahihiwatig lamang ni Quezon ang kaniyang kakayahan bilang lider na maging katuwang sa pagpapasalaylayan ng naratibo ng mga radikal na sina Bonifacio at ang Katipunan, ang kaniyang husay sa pamumulitika.[43]

Gayumpaman, malinaw para kay Quezon ang kabayanihan sa mukha ng dalawang bayani. Ang kabayanihan para sa kaniya ay ang pagkakaroon ng dakilang epekto sa kaniyang pinatutungkulan ng gawain—ang Pilipinas. Bukod dito, ang mga bayani ay marapat din umanong mayroong masidhing pagmamahal sa kaniyang bayan. Mayroon din dapat siyang gawaing makapagpapabago sa tadhana ng bansa, bagay na makikita rin noon sa pamantayan na itinakda ng National Heroes Committee noong dekada 1990.

Ilan pa sa mga binabanggit niyang bayani ng nakaraan na may matinding pag-ibig sa bansa ay sina Mabini, Antonio Luna, at Gregorio Luna. Kay Quezon, ang mga gaya nila ay may "diwa ng pagsasakripisyo sa sarili na mas pinili ang kamatayan kaysa [mabuhay sa] pang-aalipin."[44] Nagamit ni Quezon ang kabayanihan at ang mga bayani ng nakaraan upang bigyang-inspirasyon ang

[41] Abinales at Amoroso, *State and Society*, 148-152; Motoe Terami-Wada, "The Sakdal Movement, 1930-1934," *Philippine Studies* 36, no. 2 (1988): 131-150, http://www.philippinestudies.net/ojs/index.php/ps/article/viewFile/1039/1023.

[42] McCoy, "Quezon's Commonwealth," 121.

[43] Miguel A. Bernad, "Quezon and Magsaysay," *Philippine Studies* 20, No. 2 (1972): 328, https://www.jstor.org/stable/42632153.

[44] Quezon, "Address of President Manuel L. Quezon on Policies and Achievements of the Government and Regeneration of the Filipino. Address of His Excellency Manuel L. Quezon, President of the Philippines. On policies and achievements of the government and regeneration of the Filipino," Agosto 19, 1938, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 3, [248].

© 2022 Nikko Jay Ramos

kaniyang mga kababayan. Ginamit din niya ito upang bigyang-ilustrasyon kung papaanong dapat ang mga Pilipino ay manatiling lumaban para sa kalayaan nito. Kaya naman, sa panahon ng digmaan, hindi lamang ang mga bayani ng nakaraan ang binanggit niya. Kabilang doon ang mga bayani ng kaniyang kasalukuyan upang bigyang-katuturan ang kanilang mga ginagawa para umano sa bansa o sa bansang hinaharaya ni Quezon at ng Pamahalaang Komonwelt.

## Mga Bayani ng Kasalukuyan

Nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Europa, ang Pilipinas ay isa na sa mga nangambang ang digmaang ito ay mapupunta sa bansa. Subalit noon pa lamang 1934, naghahanap na ang mga politikong Pilipino, sa pangunguna ni Quezon, ng taong maaasahan nila pagdating sa usapin ng pambansang depensa. Si Hen. Douglas MacArthur ang itinuring noon pa man ni Quezon na magsisilbing tagapayo ng Pamahalaang Komonwelt dito.[45]

Gaya ng nasabi, mayroong mga pagbanggit si Quezon hinggil sa kung ano ang dapat na pag-uugali ng isang bayani. Siya dapat ay may matinding pagmamahal sa bansa. Minsanan ding binabanggit ni Quezon na ang mga bayani ng nakaraan gaya nina Rizal at Bonifacio ay mayroong ganitong pagmamahal na hanggang sa kamatayan ay kaya nilang magsakripisyo para lamang sa bansa.

Noong ika-19 ng Agosto 1938, nagbigay-talumpati si Quezon sa lupon ng mga guro at estudyante ng mga paaralan sa Jose Rizal Memorial Field. Dito ipinagmalaki niya ang mga nagawa ng Pamahalaang Komonwelt at binanggit ang mga ginawa niya para rito sa loob ng halos tatlong taon. Nakapaloob din sa kaniyang talumpati ang mga napapansin niya sa pag-uugali ng mga Pilipino noong panahong iyon gaya ng mababaw na pag-ibig sa bansa. Banggit niya, "[a]ng patriotismo ng maraming Pilipino ngayon ay mababaw, hindi makapupukaw ng tungkuling magigiting."[46]

Sa talumpati, itinatag ni Quezon ang kaniyang sarili bilang "pinuno ng bansa kaysa sa pagiging tagapagsalita ng isang partidong politikal." Naniniwala si Quezon na ang mga mamamayan ng Pilipinas ay mahalaga at ang "[p]ambansang lakas ay maaari lamang maitatag sa pag-uugali." Habang sinabi niyang mayroon siyang tiwala sa tao, binanggit din niya na may mga

[45] Jose, *The Philippine Army, 1935-1942* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1992), 23-26.
[46] Quezon, "Quezon on Policies and Achievements," [245-247].

pagkukulang ang mga Pilipino gaya ng banggit niya sa itaas. Kaya, dahil umano sa mga pagkukulang na ito, itinuring niya sa talumpati ang sarili niya bilang "malupit." Subalit, ang pagpunang ito ay para lamang sa sinasabi niyang "pagtatatag ng bansa."[47]

Nagpayo si Quezon sa ganitong paglalatag ng mga paglalarawan. Aniya, "[a]ng ating tungkulin—ito ay magiting na tungkulin—ay gisingin at gamitin ang mga kakayahang ito upang sa gayon ay ang ating mga kababayan ay magiging matatag ang moral, malakas, masipag, dalisay, masigasig, matiyaga, at makabayan."[48] Mapapansin ang pag-atas ni Quezon ng ganitong tungkulin sa mga nakaririnig, sa mga guro at mag-aaral, bagay na naglalagay sa kaniya bilang sentro ng "magiting na tungkulin." Dito, itinuturing niya na ang mga gagawa nito ay mga magigiting, o mga bayani, nang maituturing dahil magiging tagapagdala sila ng pagbabago sa mga Pilipinong kabilang sa mga pinuna niya na may mababaw na pag-ibig sa bansa. Sa ganitong pagturing maaalala ang *megalomania* umano ni Quezon sang-ayon kina Abinales at Amoroso.[49]

Ganito rin niya hinikayat ang mga nagsipagtapos sa University of the Philippines noong ika-4 ng Abril 1939. Ilang buwan pa lamang ito nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Europa. Subalit, isinaad na ni Quezon na ang mga paaralan ay "dapat patuloy na tinuturuan ang mga isipan at puso ng kanilang mga mag-aaral ng kanilang tungkulin upang depensahan ang bansa sa panahon ng digmaan at maging kagamit-gamit at masunurin sa batas sa panahon ng kapayapaan."[50]

May pasaring na sa talumpating ito ang pangulo na "hindi kaya ng ordinaryong patriotismo na pangalagaan ang seguridad ng bansa." Ang kailangan ay "[m]agiting na patriotismo." Ipinaliwanag ni Quezon na ang magiting na patriotismo ay "debosyon, katapatan, at katapangan na aangat sa tugatog ng pagsasakripisyo ng sarili." Paliwanag pa niya, ang ganitong kagitingan ay batay sa "katotohanang ang kanilang bansa ay nagbibigay sa kanila ng kalayaan, katiwasayan, at ekonomikong seguridad" at hindi lamang

[47] Quezon, "Quezon on Policies and Achievements," [245].
[48] Quezon, "Quezon on Policies and Achievements," [245-249].
[49] Abinales at Amoroso, *State and Society in the Philippines*, 155.
[50] Quezon, "Speech of President Quezon on National Policies, Nationalism, and Economic Security, April 4, 1939," Abril 4, 1939, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 3, [345].

© 2022 Nikko Jay Ramos

ISSN 2651-7108

dahil dito sila ipinanganak sa Pilipinas.[51] Inaasahan ni Quezon na sa kaniyang mga pagpukaw sa mga mamamayan ay magiging bayani silang maituturing ng kasalukuyan na gaya nina Rizal, Bonifacio, Mabini, Luna, at iba pang handang magsakripisyo para sa kalayaan ng bansa.

Ang ganitong magiting na tungkulin at patriotismo ng bawat mamamayan para sa kaniyang bansa ay mas napaigting pa noong sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, panahon kung kailan ito mas pangangailangan. Noong ika-30 ng Disyembre 1942, nagbigay-inspirasyon siya sa mga Pilipino sa kabila ng digmaan. Ilang araw lamang din ito matapos ang deklarasyon sa Maynila bilang "Open City" at binigkas niya ito habang siya ay nasa Corregidor, papatakas mula sa mga hukbong Hapones.

Inilarawan niya ang mga ginawa ng mga sundalong Pilipino at Amerikano bilang kabayanihan. Saad niya, "[a]ng ating mga sundalo, Amerikano at Pilipino ... ay lumalaban sa lahat ng mga prontera nang may katapangan at kabayanihan na mababanggit sa kasaysayan." Bayani ang mga Pilipino at Amerikanong sundalo para kay Quezon. Dagdag pa niya, ipinagmamalaki ng pamahalaan ang kanilang kabayanihan.[52]

Kahit na malinaw ang pagkatalo ng mga puwersang Pilipino at Amerikano noong 1942, hindi pa rin nagsawang magpaalala si Quezon upang pasiglahin ang damdamin ng mga sundalo. Karaniwan niya silang inilalarawan bilang mga bayani, kasama na rin ang kanilang mga ginagawa na para umano sa tunguhin ng bansa na kalayaan kaya't sila ay nakatala na sa kasaysayan. Ipinahayag pa niya nga minsan na ang kabayanihan ng mga Pilipino at Amerikano ay "pinakamagiting na paninindigang militar sa kasaysayan."[53] May ilan namang mga particular na Pilipino ang kaniyang inilarawan bilang mga magigiting. Nariyan sina Heneral Vicente Lim at Heneral Mateo Capinpin. Bukod dito, binanggit din niya bilang bayani si Jose Calugas, ang isang tagaluto na ang pangunahing "tungkulin ay pakainin ang kaniyang mga kababayan" at hindi makipaglaban.[54]

---

[51] Quezon, "Speech of President Quezon on National Policies," [345-346].

[52] Quezon, "Second Inaugural Address of President Quezon," Disyembre 30, 1941, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 3, [445-446].

[53] Quezon, "Message of President Quezon on his liberation efforts, May 8, 1942," Mayo 8, 1942, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 3, [451].

[54] Quezon, "Speech of President Quezon before the House of Representatives Speech of His Excellency Manuel L. Quezon President of the Philippines Before the House of Representatives," Hunyo 2, 1942, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 3. [454-455].

© 2022 Nikko Jay Ramos

ISSN 2651-7108

Ang pagturing ni Quezon sa mga sundalong Pilipino bilang mga bayani ay hindi lamang nanatili sa ganoong gamit. Ginamit din ni Quezon ang naratibo ng pagiging bayani upang ipakilala na ang Pilipinas ay mayroong kakayanang tumulong upang ipagtanggol ang sarili mula sa banta ng digmaan bagamat bigo. Ganito niya ginamit ang naratibong ito nang siya ay magbigay ng Inaugural Address noong 1943. Aniya, "[s]a Bataan, ipinakita nating muli sa daigdig ang ating minanang kabayanihan. Sa bawat pangunahing tungkulin ng bawat bansa na depensahan at panatilihin ang sarili nito, tayo ay kumuha ng armas at lumaban sa mga mananakop." Sinagot din ni Quezon ang hinggil sa kung papaanong ituturing na bansa itong Pilipinas kung hindi nito nagawang matagumpay na depensahan ang sarili. Banggit niya, "[w]alang bansang may paggalang sa sarili ang makaiiwas sa mapanlinlang na atake" na ginawa ng mga Hapones.[55]

Nagsalita rin si Quezon tungkol sa kabayanihan noong ikalawang anibersaryo ng pagkatalo ng mga puwersang Pilipino at Amerikano sa Labanan sa Bataan noong 1942. Muli niyang kinumpirma na ang mga sundalong Pilipino ay bayani. "Alam ng buong mundo ang inyong dakilang katapangan sa Labanan sa Bataan at alam ng buong mundo ang inyong kabayanihan at katapatan at debosyon para sa kapakanan ng kalayaan sa loob ng madilim na dalawang taon." Ang pahayag na ito ay ilang buwan na lamang bago ang pagsanib-puwersang muli ng mga Pilipino at Amerikano upang palayain ang Pilipinas. Minsanan pang hiniling ni Quezon na manatiling tapat ang mga sundalong Pilipino sa Pilipinas hanggang sa mapalaya ang bansa. Deklarasyon niya sa mga sundalo, "[p]anatilihin ninyong nakalipad ang mga bandera ninyo ng pananampalataya, nakikita na ang tagumpay."[56]

Ilang buwan bago ang kaniyang pagpanaw, muling nagpahayag ng inspirasyon si Quezon para sa mga Pilipino noong ika-29 ng Mayo 1944 noong "Memorial Day." Tinukoy niya ang mga "hindi kilalang mga bayani na lumaban sa mga mananakop" at mga sundalong namatay sa digmaan, partikular na sa Labanan sa Bataan, bilang mga bayani. Saad niya, "Itong mga makabayan ay

[55] Quezon, "Inaugural Address of President Manuel L. Quezon, November 15, 1943," Nobyembre 15, 1943, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 3, [470-472].

[56] Quezon, "Message of President Quezon on the Second Anniversary of the Fall of Bataan, March 30, 1944," Marso 30, 1944, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 3, [477].

© 2022 Nikko Jay Ramos

ISSN 2651-7108

nabibilang sa sandatahan ng bayan."[57] Malinaw para kay Quezon ang "Memorial Day," na bagamat para sa mga opisyal na nakipaglaban para sa kalayaan, ay para rin sa mga ordinaryong mamamayang hindi nakikilala. Hindi na inabot ni Quezon na makabalik at personal na mapasalamatan ang mga bayani ng kaniyang kasalukuyan nang siya ay mamatay noong ika-1 ng Agosto 1944.

## Mga Bayani ng Panahon ng Komonwelt: Pagsasakatuparan ng Ideya at Pagkilala sa mga Bayaning Pilipino

Ang impluwensiya at ideya ni Quezon ay maiuugnay sa mga patakarang isinakatuparan din ng Pamahalaang Komonwelt. Sa itaas na bahagi ng pag-aaral, natunghayan kung papaanong nagkaroon ng dalawang uri ng bayani si Quezon sa kaniyang isipan upang sa gayon ay mabigyang-pagkakakilanlan ang kaniyang bansang hinaharaya. Ang mga bayani ng nakaraan at ang bayani ng kasalukuyan ay pareho niyang tinitingnan bilang mga mapagpalaya, mga taong mayroong masidhing pag-ibig sa kalayaan ng bansa at sa bansa mismo.

Sa bahaging ito, susubukang suriin ang ilang mga hakbang ni Quezon at ng Pamahalaang Komonwelt sa pagbibigay-katuturan sa mga bayani. Titingnan dito ang hakbanging edukasyong sibiko sa pamamagitan ng Atas Tagapagpaganap Blg. 217, pagkilala sa mga taong may natatanging papel sa kalayaan ng Pilipinas sa pamamagitan ng paglikha ng "Medal of Honor," proklamasyon ng pagbababa ng watawat (*half-masting*) at "Loyalty Day," at mga idineklarang makasaysayang lugar sa pamamagitan ng mga panandang pangkasaysayan noong panahon ng Komonwelt.

Ang mga ideya upang aralin ang sibiko sa mga paaralan ay bahagi na ng edukasyon sa Pilipinas noon pa man. Ang pag-iral nito ay maiuugnay sa panahon ng mga Amerikano, panahon na naisasekular ang edukasyon. Noong 1904, ang araling sibiko ay tinuturo na sa ikatlong baitang sa elementarya. Ilan sa mga nakapaloob na aralin dito noon ang organisasyon ng pamahalaang lokal at ang mga tungkulin ng bawat opisyal. Ang pagtuturo nito ay inilalarawan bilang asignatura "upang gawing mabuting mamamayan" ang mga mag-aaral.[58]

---

[57] Quezon, "The President's Day: May 29, 1944," Official Gazette, Mayo 29, 1944, nakuha noong Nobyembre 15, 2021, https://www.officialgazette.gov.ph/1944/05/29/the-presidents-day-may-29-1944/.

[58] Aniceto Fabia, *The Development of the Teaching of History, Civics, and Current Events in Philippine Schools* (1928), 22-29, nakuha noong Disyembre 2, 2021, https://quod.lib.umich.edu/p/philamer/ADR1320.0001.001?rgn=main;view=fulltext.

© 2022 Nikko Jay Ramos

ISSN 2651-7108

Sa panahon ng Komonwelt, itinakda ng Artikulo XIII ng Saligang Batas ng 1935 na ang bawat “may-gulang na mga mamamayan” sa bansa ay dapat maturuan ng pagkamamamayan. Ang lahat ng paaralan ay itinakda rin nito na dapat “lumayon na magsulong ng kagandahang asal, disiplina sa sarili, isang konsiyensiyang makamamamayan[,] at ituro ang mga tungkulin ng pagkamamamayan.” Sa ganitong pagtatakda, inaasahan ng Pamahalaang Komonwelt na ang mga Pilipino ay magiging kagamit-gamit sa interes ng bansa.

Bilang pagtugon dito, nagtakda ng Atas Tagapagpaganap Blg. 217 noong ika-19 ng Agosto 1939 si Quezon upang pagtibayin ang naisin ng Pamahalaang Komonwelt na turuan ng mga nabanggit ang kabataan. Alinsunod ang Atas Tagapagpaganap sa Artikulo XIII ng Saligang Batas ng 1935.[59] Itinatakda ng Atas ang Kalihim ng Pampublikong Instruksiyon na ituro sa paaralan ang 16 na “sibiko at etikal na mga prinsipyo.” Isa sa mga “prinsipyong pansibikong” nais ituro nito ay ang tungkol sa mga bayani. Ang mga prinsipyong ito ay ang

> pananampalataya sa Poong Maykapal; pagmamahal sa bansa; paggalang sa Saligang Batas, batas, at pamahalaan; maagap na pagbabayad ng buwis; pananggol sa halalan; pag-ibig at paggalang sa mga magulang; diwa ng dangal pansarili; malinis at matipid na pamumuhay; *pamimintuho sa mga bayani*; kasipagan; pagtitiwala sa sariling kakayahan; pagkamasiyahin; diwa ng pamayanan; pagtangkilik sa lokal na industriya; at paggamit at pagpapaunlad ng mga likas na yaman.”[60]

Tagumpay, kahit papaano, ang Pamahalaang Komonwelt sa pagpapaibayo nito ng edukasyon pagdating sa aspekto ng bilang ng mga mamamayang nakapag-aral kumpara sa nakaraan.[61] Habang ang implikasyon sa kabuuan ng edukasyon ng edukasyong sibiko ni Quezon ay hindi pa naaaral, tiyak naman ang pagkakaroon niya ng hakbang upang maisakatuparan ang ideya niya na kinakailangan ng mga Pilipino ng masidhing pag-ibig sa bansa upang

[59] President of the Philippines, “Executive Order No. 217. Prescribing Certain Civic and Ethical Principles to be Taught in All Schools in the Philippines,” Agosto 19, 1939, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 4 (Executive Orders Part 2) (Manila: PCDSPO, 2016), 43-44, nakuha noong Nobyembre 15, 2021, https://archive.org/details/MOP-Vol4-Manuel-L-Quezon-Part-2.

[60] Akin ang diin. “News Summary, Philippine Magazine: August 16 – September 12, 1939,” Agosto 16-Setyembre 12, 1939, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 1 (Official Month in Review) (PCDSPO, W.p.), [296], nakuha noong Nobyembre 15, 2021, https://archive.org/details/MOP-Vol1-Manuel-L-Quezon.

[61] Joseph Ralston Hayden, *The Philippines: A Study in National Development* (New York: MacMillan Company, 1947), 469.

© 2022 Nikko Jay Ramos

ISSN 2651-7108

mapanatili ang kalayaan. Ang sistema ng edukasyong itinatag ni Quezon ay nakabatay pa rin sa Estados Unidos kung kaya't masasabing ang edukasyon ay naging behikulo sa "kolonyal na mentalidad."[62] Gayumpaman, ipinaliwanag sa Atas ang dapat paggaya sa mga bayani. Saad ng Pangulo, "Mamuhay na gaya ng inaasahan sa iyo ng marangal na tradisyon ng ating lahi. Igalang ang alaala ng ating mga bayani. Ang kanilang buhay ay ehemplo ng pananagutan at karangalan."[63]

Kung mapapansin pa, may ideya si Quezon na ang kabayanihan ay "marangal na tradisyon ng ating lahi." Ipinapakita nito sa positibong pamamaraan ang pagkakaroon ng mabuting pag-uugali ng mga mamamayan na sila ay mayroong malaking lipunang ginagalawan, ang bansa. Malinaw kay Quezon ang isang bayani: mayroong masidhing pagmamahal sa bansa na handa niyang ipaglaban ang kalayaan na tinatamasa niya rito kahit hanggang kamatayan pa, bagay na nais niya ring matutuhan ng maraming Pilipino, lalo na sa konteksto ng digmaan.

Isa pang aspekto ng pagsasakatuparan ng ideya ni Quezon hinggil sa kabayanihan ay ang makikita sa Atas Tagapagpaganap Blg. 251 na nilagdaan niya noong ika-17 ng Enero 1940.[64] Sa Atas na ito itinakda ang paglikha ng "Medal of Honor." Kaiba pa ito sa gantimpalang "Medal of Valor" na nagsimula pa bago maitatag ang Pamahalaang Komonwelt. Sang-ayon sa paliwanag dito, ang makatatanggap nito ay sinomang mamamayan ng Pilipinas simula nang maisabatas ito. Kinakailangang siya ay

> gumagawa ng kagila-gilalas na kabayanihan upang maprotektahan ang buhay at kalayaan kahit pa ang kapalit nito ay ang kaniyang buhay lagpas sa kaniyang tungkulin, o siyang gumagawa ng karapat-dapat na paggawa na may halaga sa Estado habang gumagawa ng pribado o pampublikong tungkulin na may hindi-pangmilitar na katangian.[65]

[62] Genejane Monroy Adarlo, "(Re)framing Citizenship Education in the Philippines: A Twenty-First Century Imperative," *The Good Society* 25, nos. 2-3 (2016): 258-259, https://www.jstor.org/stable/10.5325/goodsociety.25.2-3.0256.

[63] President of the Philippines, "Executive Order No. 217," 43-44; "News Summary," [296]).

[64] President of the Philippines, "Executive Order No. 251. Creating a Decoration to be Known as the Medal of Honor and Prescribing Rules and Regulations for Its Award," Enero 17, 1940, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 4, 139-140.

[65] President of the Philippines, "Executive Order No. 251," 139.

© 2022 Nikko Jay Ramos

Sa mga talang pinagkunan, si Jose Calugas lamang ang ginawaran nito sa ilalim ng panunungkulan ni Quezon.[66] Taong 1942 nang ianunsiyo ito ng Pangulo subalit hindi ito naibigay dahil kasagsagan pa ng digmaan kaya't taong 1945 na nang maibigay ito sa kaniya.[67] Gayumpaman, ang sinabing dahilan ni Quezon sa kaniyang pagmumungkahi kay Calugas, na ipinakilala bilang tagaluto, ay ang kaniyang pagiging bayani dahil sa kaniyang pagtugon sa pangangailangan ng bansa lagpas pa sa kaniyang sinumpaang gawain.

Bukod sa "Medal of Honor," naipakita rin ni Quezon at ng Komonwelt ang ideya ng kabayanihan sa pamamagitan ng Atas Tagapagpaganap Blg. 166 noong ika-8 ng Oktubre 1938. Itinakda ng Atas na ito ang gabay tungo sa kung kailan lamang magbababa ng watawat ng Pilipinas at Estados Unidos ang mga impraestrukturang pampamahalaan. Kabilang dito ang pagpupugay sa kamatayan ng "yumaong mga bayani" at "anibersaryo ng kamatayan ng mga dakilang martir o pambansang bayani" tuwing "Memorial Day" at kamatayan ng mga natatanging sundalo at opisyal pampamahalaan.[68] Dahil ito ay noon pang 1938, ang mga bayaning tinutukoy nito ay mga sundalong Amerikano at Pilipino.

Nagtakda rin ang Pamahalaang Komonwelt ng Proklamasyon Blg. 724 noong ika-13 ng Hunyo 1941. Sa ilalim ng Proklamasyong ito, itinatakda ang ika-19 ng Hunyo bilang "Loyalty Day" kasabay ng anibersaryo ng kapanganakan ni Rizal. Alinsunod ito sa deklarasyon ng Estados Unidos noong ika-27 ng Mayo ng parehong taon, na kumakaharap sa pambansang kagipitan dahil sa dominasyon ng Nazi sa Alemanya.[69]

---

[66] Quezon, "Quezon before the House of Representatives," [454-455].

[67] Jeremy Collins, "Sergeant Jose Calugas Medal of Honor," The National WWII Museum New Orleans, Mayo 19, 2021, https://www.nationalww2museum.org/war/articles/sergeant-jose-calugas-medal-of-honor.

[68] President of the Philippines, "Executive Order No. 166. Regulations Governing the Half-Masting of Flags on Government Buildings," Oktubre 8, 1938, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 4 (Executive Orders Part 1) (Manila: PCDSPO, 2016), 325, nakuha noong Nobyembre 15, 2021, https://archive.org/details/MOP-Vol4-Manuel-L-Quezon-Part-1.

[69] President of the Philippines, "Proclamation No. 724. Proclaiming Thursday, June 19, 1941, Loyalty Day and Declaring the Afternoon Thereof a Special Public Holiday," Hunyo 19, 1941, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 6 (Proclamations) (PCDSPO, W.p.), [1697], nakuha noong Nobyembre 15, 2021, https://archive.org/details/ProclamationNos.1-803ManuelLQuezon.

© 2022 Nikko Jay Ramos

ISSN 2651-7108

Estratehikal ang paglagay ni Quezon sa araw na iyon bilang "Loyalty Day." Kinilala niya sa Proklamasyong ito ang pagiging kasabay nito sa kapanganakan ni Rizal. Kinilala niya rin na si Rizal ay "pinakadakilang bayaning Filipino na nagsakripisyo ng kaniyang buhay para sa ating kalayaan." Dito kapansin-pansin ang pag-ugnay kay Rizal bilang bayaning mula sa nakaraan para sa interes ng kasalukuyan. Habang kinikilala rin ng proklamasyong ito ang banta ng digmaang pandaigdig, nagamit ni Quezon ang retorika ng kapanganakan ni Rizal kaugnay ng "Loyalty Day" upang sa ganito ay maipanganak ding muli ang pag-ibig ng mga Pilipino sa kalayaang tinatamasa sa pamamagitan ng muling pag-aalala ng katapatan niya sa Estados Unidos.

Makikita rin ang naisin ni Quezon na gisingin ang masidhing pag-ibig sa bansa ng mga Pilipino sa kaniyang talumpati noong "Loyalty Day." Tinawag niya ang atensiyon ng "kalalakihan ng Pilipinas upang magpalista bilang boluntaryo upang maprotektahan ang ating mga tahanan, magapi ang mga espiya at nanabotahe, at makatulong na mabawasan ang pinsala at pagkawasak na maaaring magawa ng mga kalaban sa atin." Gaya nina Rizal, Bonifacio, Mabini, at iba pa, inaasahan ni Quezon na maprotektahan ang mga tahanan, lalo na ang Pilipinas, sa pamamagitan ng masidhing pagmamahal sa bansa sa tulong ng "Loyalty Day."[70]

Isa rin sa maaaring tingnan kung papaanong naisakatuparan ang ideya ng mga bayani sang-ayon kay Quezon at ng Komonwelt ay ang pagkakaroon ng mga panandang pangkasaysayan. Noon pa lamang 1936, mayroon nang pagsuporta si Quezon para sa mga panandang pangkasaysayan kaugnay ng mga bayani. Sa unang Pambansang Asemblea ng Pamahalaang Komonwelt, binigkas niya ang pagbibigay niya ng pinansiyal para sa pagtukoy at paglalagay-pananda sa mga makasaysayang lugar sa bansa.[71]

Naisakatuparan ito nang maisabatas ang Batas Komonwelt Blg. 169 noong ika-12 ng Nobyembre 1936, alinsunod sa naunang talumpati niya. Halaw ito sa Antiquities Act ng Estados Unidos na naisabatas noon pang 1906.[72] Ayon kay

---

[70] Quezon, "Message of President Quezon on the occasion of the observance of Loyalty Day, June 19, 1941," Hunyo 19, 1941, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 3, [1005].

[71] Quezon, "Message of President Quezon to the First National Assembly on Appropriation of P50,000 for identifying and marking Historic Antiquities in the Philippines, October 27, 1936," Oktubre 27 1936, nasa *Messages of the President: Manuel L. Quezon, 1935-1944*, Book 3, Volume 3 (Addresses and Speeches), [600-601].

[72] Bernadette Rose Alba Patino, "From Colonial Policy to National Treasure: Tracing the Making of Audiovisual Heritage in the Philippines," nasa *Plaridel Journal* 15, issue no. 2 (2018): 49-50,

© 2022 Nikko Jay Ramos

ISSN 2651-7108

Quezon, ang mga panandang ito ay magsisilbing simbolo sa tunguhin ng Pamahalaang Komonwelt sa "pambansang kalayaan." Sa kaniya, ito ay mga pamanang maibibigay para sa henerasyon sa hinaharap. Saad ni Quezon,

> tungkulin [nating] … ibahagi sa kasalukuyan gayundin sa mga henerasyon sa hinaharap ang mga makasaysayang tagumpay ng ating mga ninuno, ang pakikipagsapalaran na kanilang nakamit gayundin ang mga kamaliang kanilang nagawa, at ang mga kaisipang malugod nilang pinag-alayan ng buhay.[73]

Malinaw kay Quezon na ang mga lugar o pangyayaring ito ay hindi lamang basta-basta kundi batid niya ang kahalagahan nito sa pagkakakilanlan ng mga taong nakapaloob sa hinaharaya niyang bansa.

Sa bahagi namang ito ay titingnan lamang ang mga tala kung ano-ano ang mga naging pagbabago sa mga panandang pangkasaysayan simula noong bago maupo si Quezon bilang pangulo ng Komonwelt hanggang sa kaniyang pagkaeksilo noong 1942. Gagamitin dito ang mga panandang pangkasaysayan ng kasalukuyang National Historical Commission of the Philippines (NHCP) na nakatala *online*, na batay sa kanilang mga tala sa iba't ibang batis gaya ng manuskrito sa kanilang Historic Preservation Division (HPD), mga resolusyon, at mga *file* ng sarbey.[74]

Ang pinakamaagang tala sa kanilang listahan ng panandang pangkasaysayan ay noong 1934. Mapapansin na mula 1934 hanggang 1936, ang karaniwang mga nalalagyan ng panandang pangkasaysayan ay ang mga simbahan at iba pang institusyon gaya ng mga paaralan at kompanya. Halimbawa nito ang Manila Railroad Company noong 1934, *Beaterio* at Ateneo de Manila noong 1935, at ang dating Palasyo ng mga Gobernador-Heneral noong 1936.[75]

---

http://www.plarideljournal.org/article/from-colonial-policy-to-national-treasure-tracing-the-making-of-audiovisual-heritage-in-the-philippines/.

[73] Quezon, "Quezon to the First National Assembly," [600].

[74] "National Historical Commission of the Philippines," Blogger, Setyembre 2011, nakuha noong Disyembre 1, 2021, https://www.blogger.com/profile/11845349150136282569.

